# SALMO AT IBA PANG RESIKLO NG DÁING MULA DEKADA SITENTA: MGA TULA

Pauline Mari Hernando

## SALMO

Pinamimisahan
ang mga pang-aliw
sa anyo
ng tinawanang
drama at iniyakang
aksyon mula
sa mga altar
sa kamara.
Nakatakdang
umalinsunod
ang komedya
sa dakilang
salita ng poong
Malakanyang—
ang hibla
ng kuwento,
hubog ng paksa,
at rupok
ng una
at pangalawang
mga tauhan—
mula
sa estasyong
pinamamanata
sa namamanginoong
mga disipulo
ng Batasan

na siyang inatasang
maggawad
sa tanging
sakramento, upang
ang prangkisa
ay maging
benditado
sa pagtatapos
ng salmo.

## GINANG SA BACLARAN

I
Mayroon kang relihiyon—
rosaryo, nobena,
dasal at samo.
Sa harap
ng poon
ay naroon
ang iyong
mga kasama.
Puti ang suot
may baril ang isa,
may gamot ang iba.
Sa kaliwa mo at kanan
ay mga kapwa de-peluka
na madasalin ding mga reyna.
Hatinggabi nang Martes
ang pakikipagtagpo
sa Baclaran.
Sabay sa
oras
ng
manananggal,
ng banal na aswang.

II
Ano ang usal?
Pasasalamat ba
sa diyamante, pinta ni
Van Gogh, Rembrandt,

Michelangelo? Para sa mga
tulay, mansyon at munisipyo?
o sa lalo pang maraming keso?
Sa libong sapatos pa rin at terno?
Matamis mabatid
ang samo't saring samo
nitong "namamanatang" ina.

III
Paano nga ba binubulong
at pinagpupuyatan ng ginang
ang pagbawi sa puting palasyo?
O paglibing sa aming kahapon
at pagkubli sa mga binuwitreng
ari-arian, dangal at buhay?
Magkano ba ang indulhensya
kung sisingil sa palabrang
espesyal na araw?
Paano ba hinihiling
na huwag kayong hatulan
sa mga bukas na inutang?
Paano ba dapat manalangin
sa Ina ng Laging Saklolo
ang isang gaya mong
inang walang awa?

## LABINLIMA: ISANG ELEHIYA

Inako ng karimlan ang sandaling ito.
Lulan ng dyip at trak mulang bodega sa Silang
silang Labinlimang bibihag sa gabing
tikom sa kuliglig at tigang sa hamog.
Walang pasintabi sa inaspaltong kalsada
ang ragasa at kumpas ng bangungot—
nasa kalye ang mga huwad na harang at abang.
Alas-otso, halos mapunit ang litid ng mga aso
sa pagladlad ng babala at huling pagtawad
sa mga lunting sakahang binusalan at piniringan.
Isa, dalawang hudyat, sa saliw ng putok at buga
sa pinapanglaw na daan pilit pinaakap ang luksa
at pinirasong katawan ng kaniyang mga anak.
Manhid ang mga alitaptap sa pagtangis ng talahiban:
Segundo lang ang namagitan sa pagluwa
ng hapis at luha ng buwan at ng amihan.
Sinaid ng daang bala ang kanilang katawan.
Ang mga mata'y umakap sa lansangan, pumikit,
walang bakas ng pahimakas at paumanhin.
May naiwang sinelas sa namulang Nasugbu
sa paghayo ng huling halik ng mga gerilyang
nagtanggal sa sansiglong samo ng tanima't pampang.
Nagbanlaw sa kampo ang mga duguang palad
ngunit sabay na sumuko ang sabon at asin. Sa pangulo,
may palakpak at pilak ang mga mantsadong kwelyo!
Balisa't hibang pa rin ang mga damuhong kurita
sa kawan ng kamaong umalingawngaw
upang maghandog ng mga pulang saludo.
Inako ng karimlan ang sandaling ito.

# KAWAL SA KUWARTEL

*"It wasn't a party. It was a mañanita."**

Kandila sa gitna ng luksa
ang hihipan mo.
Kàinan sa yugto ng pagkalam
ang handog sa iyo. Pagbati
at kundiman sa kabanatang
may sumpa ang bawat bayan
at lunod sa awit-pangungulila
ang nag-uwi sa abo
ng 'di nahagkan.
Tangan mo ang magarang
tangkay ng pulang rosas
habang walang humpay
sa labas ang saliw ng pahimakas
at paglipad ng paruparong
itim. Saklot tayo ng dag-im
at sakit na walang lunas.
Ano't namumukod-tangi
ang handang pugay sa iyo
bilang papuri at parangal
sa masunuring kawal,
pangahas sa kuwartel
sa kaniyang kaarawan.

*Pangangatuwiran ng heneral ilang araw matapos mabunyag at mapuna ng mamamayan ang tahasan niyang paglabag sa umiiral na Enhanced Community Quarantine nang magdaos ng magarbong kaarawan noong Mayo 2020 sa loob ng Camp Bagong Diwa.

## SONETO SA IYONG PANGANAY

*Sa mga inang piniit sanhi ng P.N. 1081 at E.O. 70*

Hindi ka muna maaawitan:
Paumanhin sa yakap at halik
Na lumiban sa madaling-araw
At oyaying hangin ang naghatid.
Paghele muna ng ibang ina
Ang papawi sa panglaw at nimdim.
Pakiusap ko sa mga tala
Damhin mo'ng aking haplos sa himbing.
Ngayon lang itong inip at puyat,
Mga pagal at puyos sa karsel,
At alinlangan sa isang huwad
Na paglayang tinakda sa papel.
Tanging ngiti mo ang aking baon
Sa gitna ng dusang nakakuyom.